

Agosto 31, 2020

Mahalagang Abiso mula sa Department of Developmental Services  
(Kagawaran ng mga Serbisyo sa mga may Kapansanan sa Paglaki) tungkol sa

## Mga Alternatibong Serbisyonang Hindi Residensyal sa Panahon ng COVID-19

---

**Ang dapat mong malaman** Sa panahon ng paglaganap ng COVID-19, maaari mong patuloy na makuha ang lahat ng serbisyonang kailangan mo.

Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ay may higit pang mga paraan upang matulungan ka at matulungan kang manatiling ligtas.

**Ano ang magbabago** Maaaring makipagtulungan sa iyo ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa mga paraang ito:

- Tulungan kang magplano para sa iyong kinabukasan batay sa iyong mga pagpipilian at pangangailangan
- Makipagtulungan sa iyo sa pamamagitan ng telepono o video
- Maghandog ng mga aktibidad na magagawa sa bahay at magdadala sa iyo ng mga kagamitan para sa mga aktibidad
- Magkaloob sa iyo ng mga serbisyonang kailangan mo kung saan ka nakatira o saanmang iba pang ligtas na lugar
- Tulungan kang lumipat sa ibang programa kung pipiliin mo

Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ay:

- Pag-aaralan kasama mo ang mga pagpipiliang hinahandog nila
- Ipapaalam sa iyong regional center ang plano

- Kukuha ng pagsasanay kung tutulungan ka nila nang personal
- Ipapaalam sa iyo kung paano at kailan ka maaaring makipag-ugnay sa kanila

### **May mga Tanong?**

Makipag-ugnay sa iyong lokal na regional center. Kung hindi ka nila matutulungan, mangyaring mag-email sa [DDSC19@dds.ca.gov](mailto:DDSC19@dds.ca.gov)

### **Alamin ang higit pa**

Tingnan ang kalakip na abiso tungkol sa idineklarang State of Emergency (Katayuan ng Emerhensya) ni Gobernador Gavin Newsom dahil sa paglaganap ng COVID-19.

Link sa buong teksto ng direktiba mula sa Department of Developmental Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa mga may Kapansanan sa Paglaki):  
[Policies and Procedures for Utilizing Alternative Nonresidential Services During the COVID-19 State of Emergency \(Mga Patakarán at Pamamaraan para sa Paggamit ng mga Alternatibong Serbisyon Hindi Residensyal sa Panahon ng Katayuan ng Emerhensya sa COVID-19\)](#)